

Kanta Tayo

Magtanim ay 'di biro

Magtanim ay 'di biro
Maghapon nakayuko
'Di man lang makatayo
'Di man lang makaupo.



(Gawin ang mga aksiyon habang umaawit at awitin ito ng mas mabilis habang inuulit).

Leron Leron Sinta

Leron Leron Sinta
Buko ng Papaya
Dala dala'y buslo
Sisidlan ng bunga
Pagdating sa dulo'y
Nabali ang sanga
Kapos kapalaran
Humanap ng iba.



(Magkunwari na ang bata ay magsasaka na may sombrero at basket para mamitas ng papaya, habang umaawit).



Bakit kailangang maglaro?

Ang laro ay importanteng gawain ng bata. Marami siyang natututunan sa kanyang mundo sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan tuwing siya ay naglalaro. Kailangan ng bawat bata ang laro upang matuklasan niya at maintindihan ang kanyang kapiligran habang siya ay lumalaki.

Ang mga programang panlaro para sa mga bata at sa kanilang mga magulang at tagapag alaga ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na makipag laro sa isat-isa sa isang lugar na ligtas at masigla. Meron ding ibang bata at matatanda na nagbibigay sigla at saya sa kanilang pagsasamasama. May maraming oportunidad para sila magkakilala at magkaalaman sa ibat iba nilang gawaing laro. Ang mga bata ay natututong magbigayan sa isa't-isa habang sila ay nagpapatuloy na lumaki ng maayos at malusog.

Ang mga laruan ay simpleng gamit ng mga bata para pagyamanin ang kanilang paglalaro at kaalaman. Walang isang matatawag na tamang laruan. Ang mga bata ay nangangailangan ng ibat-ibang laruan na tugma sa kanilang edad, kanilang interes at kanilang kakayahan. May mga laruan para sa tag-ulan, panlabas na laruan pag kasama nila ang kanilang mga kaibigan, laruan kung sila ay may sakit o kung sila ay nakabakasyon at mga laruan na edukasyonal upang sila ay matutong magbigayan at magkaisa. Isipin ang bukod-tanging pangangailangan at interes ng iyong anak kapag namimili ng kanyang laruan.

Ang "Laro Tayo" ay limang bahaging babasahin na nagbibigay ng ibat-ibang ideya ng paglalaro sa mga edad na:

0-6 buwan	2-3 taon
6-12 buwan	3-4 taon
1-2 taon	4-5 taon

Ang presyo sa maramihan na pagbili ng babasahin at ibang publikasyon ay maaring malaman sa:



707 - 331 rue Cooper Street, Ottawa, ON K2P 0G5

(613) 237-7667 info@frp.ca
1-866-637-7226 www.frp.ca
1-866-6-FRPCAN www.welcomehere.ca
(613) 237-8515 www.bienvenuechezvous.ca

Tagalog/ Tagalog


Laro Tayo?

4-5 taon



Ang laro ay...


- pagtalon at pagtakbo
- pagkukunwari
- pang-unawa
- pamimili
- pakikipag-isa at pakikipagtulungan sa ibang bata
- pagtatanong
- paglalaro sa paggamit ng mga salita at numero
- paglutas ng problema
- pagsasayaw at pag-awit



Maingat na piliin ang mga laruan, isaisip ang tamang level ng paglaki ng iyong anak.

Ang mga pang-grupong laro tulad ng tag at taguan ay nagtuturo sa mga batang sumunod sa mga simpleng patakaran. Sila ay nasasanay na lumutas ng mga simpleng problema at natututong makipagtulungan.

Subukan ang larong musikal na kutson: layos ang kutson ng pabilog, isa bawat bata. Ang mga bata ay lalakad paikot sa mga kutson habang tumutugtog ang musika. Kapag huminto ang musika, ang lahat ay uupo sa kutson. Alisin ang isang kutson, kasali pa rin ang lahat ng bata sa laro at patugtugin muli ang musika. Kapag huminto muli ang musika, ang ibang bata ay matututong maki-upo sa iba sa isang kutson lamang. Ipagpatuloy hanggang isang malaking kutson ang maiwan at lahat ng bata ay makiki-upo sa bawat isa.



Ang pagbabasa ng mga kuwentong pakikipagsapalaran ay makakatulong sa pagengganyo ng imahinasyon ng iyong anak. Maaari niyang isadula ang kuwento sa sarili niyang pamamaraan. Bigyan siya ng kutson, malalaking bloke, mga kahon na walang laman at mga kumot para gumawa ng kuta, kastilyo, gubat o kuweba ng oso.

Maglaro kayo ng iyong anak ng mga numero. Bilangin ang mga ibat-ibang piraso ng laruan, ang bilang ng mga hakbang papunta sa kanto o ang bilang ng baytang patungo sa taas ng slide sa park.

Ang aktibong paglalaro ay makakatulong sa malusog na paglaki ng iyong anak gaya ng kanyang lakas, pagbabalanse at koordinasyon. Ihagis at sipain ang bolang pabalik-balik sa park. Magsadya ng mga kahon, mga upuan at salingsing(hoops) upang siya ay makatalon sa ibabaw, tumakbo sa paligid at gumapang papasok sa bilog(obstacle course).

Tulungan ang iyong anak na alamin ang mga tunog at letra.

- Magbasa ng mga kuwentong aklat at tanungin siya kung ano sa palagay niya ang mangyayari sa kuwento.
- Kumanta kayo ng mga pamilyar na awitin at gumawa ng mga panibagong kanta.
- Maglaro ng mga magkakahimig at magkakahawig na salita at isipin ang lahat ng mga salitang kahimig ng 'aso'.
- Ituro ang mga pamilyar na salita sa mga daan at mga karatula ng mga tindahan: hinto, labasan, pizza.
- Bigyan siya ng titik na may magnet upang laruin. Bumuo ng bagong salita sa pinto ng refrigerator bawat linggo. Umpisahan sa kanyang pangalan.



Bigyan siya ng mga gamit para gumawa ng craft activities.

- pambatang gunting
- ibat-ibang kulay at uri na papel
- Krayola, pantatak, tisa
- Pisi, malalaking beads o macaroni para gawing kuwintas
- Basyong kahon ng pagkain para pintahan at pagdikitin

Magkasamang gumawa ng musika:

- Gumawa ng mga sariling musikal na instrumento
- Kumanta at sumayaw sa mga nirekord na musika
- Sumulat ng mga kanta tungkol sa inyong pamilya.
- Bumuo ng bandang musikal kasama ang inyong pamilya at mga kaibigan. Irekord ang awitin ng inyong grupo at sama-sama itong pakinggan.

Homemade na instrumentong musikal

Marakas

Maglagay ng hilaw na macaroni, tuyong buto ng beans o bigas sa basyong lalagyan gaya ng kahon ng juice, lalagyan ng yogurt o bote ng shampoo. Isara ng mahigpit at lagyan ng tape ang takip. Idikit ang kutsarang kahoy para may hawakan.

Gitara

Banatin ang malapad na goma sa palibot ng walang takip na kahon ng sapatos. Kalabitin ang mga goma tulad ng pagtugtog ng kwerdas ng gitara.

Tambol

Baliktarin ang mga basyong plastik o timba at gumamit ng kutsarang kahoy para pukpukin ito. Pagdikitin ang dalawang tambol sa pamamagitan ng tape para maging bongo drums at patugtugin ito ng iyong mga kamay.

